

Kagawaran ng Edukasyon

Araling

Panlipunan 8

**Mga Pagbabagong naganap sa Europa sa
Gitnang Panahon**

Ikalawang Markahan – Ikaanim na Linggo



James G. Gaviola
Manunulat

Ma. Martha R. Ullero
Tagasuri

Maria Elena Araja
Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Matapos talakayin ang mga ambag ng klasikong kabihasan at matutunang pahalagahan ang mga kontribusyong ito para sa pag-unlad ng pandaigdigang kamalayan, bibigyan naman ng tuon sa bahaging ito ng modyul ang kalagayan ng mundo sa Panahon ng Transisyon.

Pagtutuunan sa araling ito ang mga kaganapan sa kasaysayan na nakasentro sa Europe - mga pagbabago sa Panahong Medieval.

Marahil, narinig o nabasa na ninyo ang isa sa isinulat ni Jeanette Winterson na may katagang: *“In the space between chaos and shape there was another chance.”* Nangangahulugan ito na sa bawat kaguluhan at pagbagsak ay may kaagapay na isang panibagong pagkakataon. Marahil, ito ay ang pagkakataon para bumangon at muling umunlad. Alam naman natin na sa pagitan ng pagbagsak at pagbangon ay may isang mahalagang pangyayari na maaaring ituring na transisyon o pagbabago. Ikaw, sa buhay mo, ano ang maituturing mong mahalagang transisyon?

Handa ka na ba? Tara na at lakbayin ang daan patungo sa karunungan!

Sa araling ito, inaasahang ang mga mag-aaral na:

- Natatalakay ang mga pagbabagong naganapsa Europa sa Gitnang Panahon.
- Naipapahayag kung paano nakaapekto ang mga pangyayari sa Transisyunal na Panahon sa Paghubog at Pagbuo ng pagkakakilanlan ng isang bansa at rehiyon sa daigdig.



UNANG PAGESUBOK

A. Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot na nasa kahon at isulat sa patlang bago ang bilang.

A. Guild	B. Manoryalismo	C. Investiture	D. Charlemagne
E. Piyudalismo	F. Pope Leo III	G. Krusada	
H. Serf homeage	J. Oath of Fealty		

- _____ 1. Isang seremonya kung saan binibigyan ng mga hari ang Obispo ng singsing at tauhan para sa kanyang opisina.
- _____ 2. Isang sistemang politikal, sosyo-ekonomiko at militar na nakabase sa pagmamay-ari ng lupa.
- _____ 3. Ekspedisyong militar na inilunsad ng mga Kristiyanong Europeo laban sa mga Turkong Muslim upang mabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga ito.
- _____ 4. Isa itong sistemang pang-ekonomiya kung saan ang mga taga-bukid ay nagbibigay ng serbisyo sa isang piyudal na hari, pinuno, o may-ari bilang kapalit ng proteksiyon.
- _____ 5. Ang humirang kay Charlemagne bilang “Emperor of the Holy Roman Empire.

- _____ 6. Masa ng tao noong Panahong Medieval na nanatiling nakatali sa lupang kanilang sinasaka at naglilingkod sa kanilang panginoong may lupa.
- _____ 7. Ang emperador ng imperyo noong 800 C.E ang sinasabing bumuhay sa Imperyong Roman
- _____ 8. Samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay.
- _____ 9. Isang seremonya kung saan inilalagay ng *Vassal* ang kanyang kamay sa pagitan ng mga kamay ng Lord at nangangako rito na siya ay magiging tapat na tauhan nito.
- _____ 10. Ito ay isang sumpaang sa pagitan ng Lord at ng *Vassal* bilang sagisag ng pagkakaloob ng *fief* o lupa.

B. Panuto: Bilugan ang letra ng tamang sagot.

11. Ano ang pangunahing layunin ng Krusada?
- Mapalawak ang teritoryo ng mga Kristiyano
 - Mapalawak ang kalakalan ng mga bansang Europeo
 - Mabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim
 - Mapalawak pa ang kapangyarihan ng Simbahang Katoliko
12. Sa panahon ng Piyudalismo, ang lipunan ay nahahati sa tatlong uri: Pari, Kabalyero, at Serf. Alin sa sumusunod ang naglalarawan sa Serf?
- Itinuturing silang natatanging sektor sa lipunan.
 - Sila ang bumubuo ng masa ng tao noong Panahong Medieval.
 - Malaya nilang mapauunlad ang kanilang pamumuhay at pamilya.
 - May karapatan at kalayaan silang bumuo ng sariling pamilya
13. Mahalagang pangyayari sa Panahong Medieval ang paglakas ng Simbahang Katoliko. Isang bahagi nito ang paglakas ng kapangyarihan ng Kapapahan (Papacy). Alin sa sumusunod ang higit na naglalarawan sa Kapapahan o sa Papacy?
- Tumutukoy din ito sa kapangyarihang politikal ng Papa bilang pinuno ng estado ng Vatican.
 - Itinuturing ang Papa bilang Ama ng mga Kristiyano na siya pa ring tawag hanggang sa kasalukuyan.
 - Simbolo ang Kapapahan ng malawak na kapangyarihan ng Simbahang Katoliko noong Panahong Medieval
 - Ito ay tumutukoy sa tungkulin, panahon ng panunungkulan at kapangyarihang panrelihiyon ng Papa bilang pinuno ng Simbahang Katoliko.
14. Sa pamumuno ni Papa Gregory sa simbahan, anong karapatan ang tinanggal niya sa mga pinunong *secular* ng simbahan?
- Ang karapatan bilang tagapagmana ni San Pedro.
 - Ang karapatan sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa utos ng Papa.
 - Ang karapatan na magkaloob ng kapangyarihan sa pinuno ng simbahan.
 - Lahat ay tamang sagot.
15. Sa sistemang Piyudalismo sa panahong Medieval, ano ang pinakamahalagang anyo ng kayamanan sa kontinente ng Europa?
- Ari-arian
 - Ginto at Pilak
 - Lupa
 - Salapi at Kayamanan



Sa mga nakaraang aralin, napahalagahan mo ang mga kontribusyon ng klasikong kabihasnan sa pag-unlad ng pandaigdigang kamalayan at nakabuo ka ng mga kaisipan upang mapanatili itong napahalagahan hanggang sa kasalukuyan. Sa gawaing ito, ating tukuyin ang ilan sa mga ito.

Gawain 1: Treasure Hunt

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot ayon sa mga larawang ipinapakita.



- Umiral sa panahon ng Babylonia ang paggamit ng buto o bead na nakatuhog sa patpat o rod.
- Blaise Pascal ay isang matematisyan na taga France ang kauna unahang nakaisip na gumawa ng isang *machine* at tinawag na *mechanical calculator*.
- Lumikha ng programa para sa *Analytical Engine* si Charles Babbage na tinatawag ngayong *computer program*.
- UNIVAC o *Universal Automatic Computer* ang unang matagumpay na *commercial electronic computer*.
- Ang kauna unahang *computer* ay nilikha ng *International Business Machine* o IBM, ang halimbawa nito ay *micro computer*.



Bagong Normal, isang sistemang umusbong at kasalukuyang nagaganap hindi lamang sa ating bansa kundi pati sa buong bahagi ng mundo. Alam natin na maraming beses na tayong humarap sa mga pagbabago simula pa noong unang henerasyon. Sumisibol ang isang makabagong pamamaraan upang maabot ang tinatawag na pag-unlad.

Ang *New Normal Lifestyle*, *work from home*, paggamit ng *Surgical Mask*, paghugas at *pagsanitize* ng mga kamay at ang *cash less transaction* ay mga pagbabagong kinakaharap natin sa kasalukuyan.

Anuman ang maging epekto nito ay dapat nating harapin, yakapin, at pagyamanin upang sa bandang huli sabay sabay pa din nating sasalubungin ang isang maunlad at mapayapang bansa.

Bago ka magsimula ng ating aralin, sagutin mo muna ang mga katanungang ito.

- Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong gumawa ng isang pagbabago, anong pagbabago ito? Bakit?
- Paano makaaapekto ang pagbabagong ito sa buhay mo at sa nakararami?



Time Spaceward – Aral Na!

Isa sa kawili-wiling gawin sa pag-aaral ng kasaysayan ay ang balikan ang mahahalagang pangyayaring naganap sa buong bahagi ng mundo. Tuklasin at alamin ang mga pagbabagong naganap mula pa noong unang panahon hanggang sa makabagong henerasyon. Tara na at maglakbay – aralin natin ang mga mahahalagang pagbabagong naganap sa mundo sa pamamagitan ng ating aralin.



Time Spaceward 1: Simbahang Katoliko

Malaki ang naging gampanin ng simbahang Katoliko sa pag-usbong ng Europa sa Gitnang Panahon. Apat ang pangunahing salik na nagbigay-daan sa paglakas ng kapangyarihan ng Papa sa Rome. Pangunahin na rito ang pagbagsak ng Imperyong Roman na siyang nagbunsod sa kapangyarihan ng kapapahan.



Ang Kapapahan (Papacy) ay tumutukoy sa tungkulin, panahon ng panunungkulan at kapangyarihang panrelihiyon ng Papa bilang pinuno ng Simbahang Katoliko. Maliban pa rito ay naging matatag ang organisasyon ng simbahan.

Noong mga unang taon ng Kristiyanismo, karaniwang tao lamang ang mga pinuno ng simbahan na nakilala bilang mga *presbyter* na pinili ng mga mamamayan. Mula sa mga ordinaryong taong ito lumitaw ang mga pari at ang mga hirarkiya. May kapangyarihan ang isang Arsobispo sa mga Obispo ng ilang karatig na maliit na lungsod. Ang Obispo ng Rome, na tinawag bilang Papa, ang kinikilalang kataas-taasang pinuno ng Simbahang Katoliko sa Kanlurang Europe. Ilan sa mga halimbawa ng mahahalagang tao ng Simbahan ay sina *Constantine the Great, Papa Leo the Great, Papa Gregory I, at si Papa Gregory VII*. Tinanggal niya ang karapatan ng mga pinunong sekular at eklesyastikal ukol sa Power of Investiture na magkaloob ng kapangyarihan sa pinunong simbahan. Ang **Investiture** ay isang seremonya kung saan binibigyan ng mga hari ang Obispo ng singsing at tauhan para sa kanyang opisina.

Sa Pagkakatatag ng *Holy Roman Empire*, isa sa mga mayor ng palasyo ay si *Charles Martel*, ang nagsikap na pag-isahin ang France. Tinalo niya ang mga mananalakay na Muslim. Mula noon, hindi na nagtangkang sakupin ang Kanlurang Europe.

Si Pepin the Short ang unang hinirang na hari ng France. Noong 768, humalili kay Pepin ang anak na si Charlemagne o Charles the Great, isa sa pinakamahusay na hari sa Medieval Period at higit pang napalawak ang mga lupain ng mga Frank sa ilalim ng pamumuno ni Charlemagne na pinakadakila sa lahat sa panahon ng kanyang paghahari.

Noong kapaskuhan ng taong 800, kinoronahan siyang Emperador ng Banal na Imperyong Romano (Holy Roman Empire) ni Pope Leo III.



Time Spaceward 2: Krusada sa Europa

Ang **Krusada** ay isang ekspedisyong militar na inilunsad ng Kristiyanong Europeo dahil sa panawagan ni Pope Urban II noong 1095. Ito ay isang banal na labanan ng mga relihiyosong Europeo na may layuning mabawi ang ang banal na pook ng Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim sa panawagan ni Papa Urban. Hinimok niya ang mga kabalyero (knights) na maging krusador at pinangakuan niya ang mga ito na papatawarin sila sa kanilang mga kasalanan, kalayaan sa mga pagkautang, at kalayaang pumili ng *fief* mula sa lupa na kanilang masakop. Nagkaroon ng iba pang Krusada noong 1219, 1224, 1228 ngunit lahat ng mga ito ay naging bigo sa pagbawi muli sa Holy Land. Sa kabuuan, ang mga Krusada ay pawang bigo, maliban sa una kung kaya nagresulta ito ng malawakang paglaganap ng Muslim sa mundo.



Time Spaceward 3: Piyudalismo at Manoryalismo


Ang **Piyudalismo** ay isang sistemang politikal, sosyo-ekonomiko at militar na nakabase sa pagmamay-ari ng lupa. Ito rin ay isang ugnayan ng mga arisokrata o panginoon at kaniyang basalyo. Ang lipunan sa sistemang piyudal ay nahahati sa ibat ibang pangkat. Nahahati sa tatlong pangkat ang mga pari, kabalyero o maharlikang sundalo at mga alipin (*serf*). Ang **Serf** ay ang masa ng tao noong Panahong Medieval na nanatiling nakatali sa lupang kanilang sinasaka at naglilingkod sa kanilang panginoong maylupa.



Ang **Manoryalismo** naman ay isang sistemang pang-ekonomiya kung saan ang mga taga-bukid ay nagbibigay ng serbisyo sa isang piyudal na hari, pinuno, o may-ari bilang kapalit ng proteksiyon. Ang isang *fief* ay binubuo ng



maraming manor na nakahiwalay sa isa't isa. Ito ay maaaring maihalintulad sa isang pamayanan (*village*) kung saan ang mga naninirahan dito ay umaasa ng kanilang ikabubuhay sa pagsasaka sa manor. Sa sistemang Manor, tungkulin ng isang panginoong maylupa na bigyan ng pabahay, lupang sakahan, at proteksyon ang mga nakatira sa manor. Magkakaroon ang dalawa ng tinatawag na *Oath of Fealty*, isang sumpaang pagitan ng Lord at ng *Vassal* bilang sagisag ng pagkakaloob ng *fief* o lupa. Ang



piyudalismo at manoryalismo ay parehong nagdulot ng mabuti at di-mabuting epekto pagdating sa usaping politikal at ekonomiko. Una, nalinang nito at napakinabangan ang mga nakatiwangwang na mga lupain. Pangalawa, lumaki ang agwat ng mga mayayaman sa mahihirap.

Time Spaceward 4: Mga Bayan sa Europa

Ang paglakas ng kalakan ay naging malaking tulong sa paglago ng mga bayan sa Europa. Ang bayan sa panahong ito ay tinatawag na *burgh*. **Burgher** ang tawag sa mga taong nagtayo ng kanilang tirahan dito.

Marami sa mga naninirahan sa bayan ay sumali sa *guild*. Ang **Guild** ay samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay. Nagkaroon ng pagbabago sa agrikultura bunsod ng pagtuklas ng mga bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtatanim. Bunga nito, tumaas ang ani kaya nagkaroon ng magandang uri ng pamumuhay ang mga tao. Nakatulong din nang malaki ang pagsasaayos ng mga kalsada upang mapadali ang pagdala at pagbili ng mga produktong agrikultural at marami ang nanirahan sa mga lugar na malapit sa pangunahing daan.



Gawain: KPE (Katangian- Pagbabago-Epekto)

Panuto: Magbigay ang tatlong katangiang taglay mo na nais mong mabago, pagbabagong gagawin at magiging epekto nito. Isulat ang sagot sa ibaba.

Katangian	Pagbabagong gagawin	Epekto ng Pagbabago
Katangian	Pagbabagong gagawin	
Katangian	Pagbabagong gagawin	




- Malaki ang naging gampanin ng simbahang Katoliko sa pag-usbong ng Europa sa Gitnang Panahon. Maliban pa rito ay naging matatag ang organisasyon ng simbahan nagdulot ito ng paglakas ng kapangyarihan ng kapapahan (*Papacy*) sa Roma.
- Ang **Krusada** ay isang ekspedisyong militar na inilunsad ng Kristiyanong Europeo dahil sa panawagan ni Pope Urban II noong 1095. Ito ay isang banal na labanan ng mga relihiyosong Europeo na may layuning mabawi ang ang banal na pook ng Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim.
- Ang **Piyudalismo** ay isang sistemang politikal, sosyo-ekonomiko at militar na nakabase sa pagmamay-ari ng lupa.
- Ang **Manoryalismo** ay isang sistemang pang-ekonomiya kung saan ang mga taga-bukid ay nagbibigay ng serbisyo sa isang piyudal na hari, pinuno, o may-ari bilang kapalit ng proteksiyon.
- Ang paglakas ng kalakan ay naging malaking tulong sa paglago ng mga bayan sa Europa. Nagkaroon ng pagbabago sa agrikultura bunsod ng pagtuklas ng mga bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtatanim.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Panuto: Isulat sa malaking kahon ang epekto ng mga pangyayaring naganap sa Europa sa Panahong Medieval.



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

A. Panuto: Basahin at unawain ang mga pangungusap. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

- _____ 1. Sinong emperador sa panahon ng “Holy Roman Empire” ang sinasabing nagpanatili sa Imperyong Roman?

a. Charles Martel	c. Clovis
b. Charlemagne	d. Pepin the the Short
- _____ 2. Ito ay isang sistemang politikal, sosyo-ekonomiko at militar na nakabase sa pagmamay-ari ng lupa.

a. Homage	b. Investiture	c. Krusada	d. Piyudalismo
-----------	----------------	------------	----------------
- _____ 3. Sa panahon ng Piyudalismo, ang lipunan ay nahahati sa tatlong uri: Pari, Kabalyero, at *Serf*. Alin sa sumusunod ang naglalarawan sa *serf*?

a. Itinuturing silang natatanging sektor sa lipunan	b. May karapatan at kalayaan silang bumuo ng sariling pamilya	c. Sila ang bumubuo ng masa ng tao noong Panahong Medieval	d. Malaya nilang mapaunlad ang kanilang pamumuhay at pamilya
---	---	--	--
- _____ 4. Ito ay hango sa salitang Latin na nangangahulugang “cross”.

a. crusade	b. holy land	c. knight	d. kristiyano
------------	--------------	-----------	---------------
- _____ 5. Panahon kung saan naganap ang transisyon at nagbigay daan sa pag-usbong ng Europe.

a. Age of enlightenment	c. Medieval
b. Dark age	d. Renaissance

B. Panuto: Pagtambalin ang mga konseptong nasa hanay A sa mga paglalarawan o kahulugan sa hanay B. Isulat sa patlang ang letra ng wastong sagot.

Hanay A

- a. Guild
- b. Serf
- c. homeage
- d. Krusada
- e. Manoryalismo
- f. Piyudalismo
- g. Investiture
- h. Oath of fealty
- i. Charlemagne
- j. Pope Leo III

Hanay B

- _____ 6. Samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay
- _____ 7. Isang seremonya kung saan binibigyan ng mga hari ang Obispo ng singsing at tauhan para sa kanyang opisina
- _____ 8. Ang humirang kay Charlemagne bilang “Emperor of the Holy Roman Empire”
- _____ 9. Isang sistemang politikal, sosyo-ekonomiko at militar na nakabase sa pagmamay-ari ng lupa.
- _____ 10. Ang emperador ng imperyo noong 800 C.E ang sinasabing bumuhay sa Imperyong Roman.
- _____ 11. Ito ay isang sumpaan sa pagitan ng Lord at ng Vassal bilang sagisag ng pagkakaloob ng fief o lupa.
- _____ 12. Ekspedisyong militar na inilunsad ng mga Kristiyanong Europeo laban sa mga Turkong Muslim upang mabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga ito.
- _____ 13. Isa itong sistemang pang-ekonomiya kung saan ang mga taga-bukid ay nagbibigay ng serbisyo sa isang piyudal na hari, pinuno, o may-ari bilang kapalit ng proteksiyon.
- _____ 14. Masa ng tao noong Panahong Medieval na nanatiling nakatali sa lupang kanilang sinasaka at naglilingkod sa kanilang panginoong maylupa.
- _____ 15. Isang seremonya kung saan inilalagay ng vassal ang kanyang kamay sa pagitan ng mga kamay ng lord at nangangako rito na siya ay magiging tapat na tauhan nito.

Sanggunian

A. Aklat

*Modyul Ng Mag-aaral
Araling Panlipunan 8, Kasaysayan ng Daigdig
Pahina 224-259
Elisio D. Malanay Jr., Kasaysayan ng Daigdig

Kasaysayan ng Daigdig
Pahina 176-178
Mark Alvin M. Cruz, Mark Andrew F. Fietas, Michael M. Mercado

Kabihasnang Daigdig Kasaysayan at Kultura
Pahina 156-171
Grace Estela C. Mateo, Ph.D., Celestina P. Boncan, Ph.D., Celinia E. Balonso, Ph.D., Rosita C. Tadena, Ph.D., Mary Dorothy dl. Jose, John N. Ponsaran, Jerome A. Ong

Kasaysayan ng Daigdig, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan, Ikatlong Taon nina Mateo, et al., pahina 195

B. Module

EASE Module 9, Sistemang Piyudal sa Gitnang Panahon sa Europa

C. Website

<https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/5/5c/1099jerusalem.jpg>
<https://crusaderhistory.files.wordpress.com/2016/07/second-crusade-1.jpg?w=550&h=443>
<https://www.ancient.eu/img/c/p/1200x627/9120.jpg?v=1535354229>
<https://www.ancient.eu/img/c/p/1200x627/9165.jpg?v=1535697242>
<https://lh3.googleusercontent.com/proxy/dplzVdlDlL00FS30JrNM22RajVsahfTQcbAM2GsJZBHljBBTQAOUknwGzqC2KuuFtY9C1zMs5itfqKodehuhN3KgO42xDtFGP01iltRuBGZKEXR97cdK2e1J6Dc>
<http://factsanddetails.com/archives/003/201902/5c560ec1778c9.jpg>

Susi sa Pagwawasto

Fangwakas na gawain
1. B. 2. D. 3. C. 4. A. 5. C. 6. A. 7. G. 8. J. 9. F. 10. I. 11. H. 12. D. 13. E. 14. B. 15. C
Unang Pagsukbok
1. C. 2. B. 3. E. 4. K. 5. F. 6. H. 7. D. 8. A. 9. I. 10. J. 11. C. 12. B. 13. D. 14. C. 15. C
Balik-Tanaw: 1. D. 2. C. 3. E. 4. A. 5. B
Pag-alam sa natutunan:
Simbahang katoliko – nagling matatag ang organisasyon ng simbahan nagdulot
ito ng paglakas ng kapangyarihan ng kapapahan (Papacy) sa Roma.
Krusada – ay nagesulta ng malawakang paglaganap ng Muslim sa mundo.
Piyudalismo at Manoryalismo – Una, Nalinang nito at napakinabangan ang
mga nakatitangwang na mga lupain Pangalaw, Lumaki ang agwat ng mga
mayayaman sa mahihirap.
Bayan - Nagkaroon ng pagbabago sa agrikultura bunsod ng pagtuklas ng mga
bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtatanim.